BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 3, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, nakipagkasundo sa Martin Marietta na isara ang Pier 94 at humihiling ng kasunduan sa abatement sa Pier 92 sa Bayview Hunters Point

Kumpanya, dapat sumunod sa mga hakbang para sa pagkontrol ng alikabok sa pag-alis sa site

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na matagumpay itong nakagawa ng Plano at Kasunduan sa Pagsasara sa Martin Marietta para wakasan ang mga operasyon sa site nito para sa pagpoproseso ng buhangin at aggregate sa Bayview Hunters Point sa Pier 94. Aatasan ng pagkilos na ito ang Martin Marietta na itigil ang lahat ng operasyon sa pagpoproseso ng buhangin at aggregate bago lumipas ang Oktubre 31, 2023, at na sumunod sa mga probisyon sa pagkontrol ng alikabok hanggang sa makaalis ito sa site.

Humihiling din ang Distrito ng Hangin ng may kundisyong kautusan sa abatement para sa isa pang site ng Martin Marietta sa Pier 92 sa hiwalay na Lupon para sa Pagdinig ng ahensya. Kung maibibigay ito, bibigyan ang pasilidad ng deadline para makasunod sa mga kinakailangan sa pagpapahintulot o pagbabawalan ang pasilidad na mag-operate. Aatasan din ang pasilidad na sumunod sa mga pansamantalang kundisyon para sa operasyon na makakabawas sa mga emisyon ng alikabok at sa mga posibleng epekto sa kalusugan ng mga nakatira sa nakapaligid na komunidad.

“Umaaksyon ang Distrito ng Hangin para matiyak na nakakasunod ang mga pasilidad sa Bayview Hunters Point sa lahat ng regulasyon sa kalidad ng hangin,” isinaad ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Matagal nang apektado ng matitinding epekto ng polusyon sa hangin ang Bayview Hunters Point. Ang mga pagkilos na ito ay isa pang hakbang na ginagawa ng Distrito ng Hangin para lalong mapaigting ang mga proteksyon sa kalidad ng hangin para sa nakapaligid na komunidad.”

Nagsimulang mag-operate ang planta para sa pagpoproseso ng buhangin sa Pier 92 sa ilalim ng isang certificate ng pagbubukod, pero nawala na ang nasabing pagbubukod ilang taon na ang nakakalipas noong pag-aari pa ito ng predecessor ng Martin Marietta na Lehigh Hanson. Mula noon ay lumalabag na ito sa pag-aatas ng Distrito ng Hangin na magkaroon ng permit para makapag-operate. May ilang salik, gaya ng tuluy-tuloy na pagbabago sa aplikasyon para sa permit, na nakaantala sa pagpoproseso sa aplikasyon. Nakuha ng Martin Marietta ang pasilidad noong Oktubre 2021. Didinigin ng hiwalay na Lupon para sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin ang usapin.

Itinatakda ng kasunduang ito sa pagsasara ang mga tuntunin ng pagsasara, at inaatasan nito ang kumpanya na sumunod sa mga hakbang para sa pagkontrol ng alikabok hanggang sa makaalis ito sa site. Ang mga ipapatupad na hakbang para sa pagkontrol ng alikabok ay kinabibilangan ng mga watering stockpile, limitasyon sa bilis sa trapiko na 10 miles per hour sa site, limitadong on-site na travel lane, at pag-stabilize ng mga papasok at papalabas na kalsada para maiwasan ang emisyon ng alikabok mula sa mga kalsada.

Kukuha ng wheel wash station para malinis ang gulong ng mga truck at maiwasan ang emisyon ng alikabok. Kukuha rin ng sweeper truck nang ilang oras sa isang araw habang may operasyon sa mga pangunahing kalsada.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*